

Paano Mag-apply para sa Libre at Pinababang Presyo ng Mga Pagkain sa Paaralan

Gamitin ang mga tagubiling ito upang matulungan kang punan ang aplikasyon para sa libre at pinababang presyo ng mga pagkain sa paaralan. Kailangan mo lang magsumite ng isang aplikasyon sa bawat sambahayan, **kahit na ang iyong mga anak ay pumapasok sa higit sa isang paaralan sa**

Kailangang kumpletong sagutan ang aplikasyon para matukoy ang pagiging kwalipikado ng iyong (mga) anak para sa libre o pinababang presyo ng mga pagkain sa paaralan. Pakisunod ang mga tagubiling ito nang sunud-sunod! Ang bawat hakbang ng mga tagubiling ay pareho sa mga hakbang sa iyong aplikasyon. Kung sa anumang oras ay hindi ka sigurado kung ano ang susunod na gagawin, makipag-ugnayan sa

Gumamit ng pen (huwag lapis) kapag sinasagutan ang aplikasyon at gawin ang iyong makakaya na malinaw isulat ito.

Hakbang 1: Ilista ang LAHAT ng bata, sanggol, at estudyante na nasa o hanggang sa baitang 12

Sabihin sa amin kung gaano karaming sanggol/bata, batang wala sa paaralan, at estudyante sa elementarya/middle/high school ang nakatira sa iyong sambahayan. HINDI kailangang may kaugnayan sila sa iyo para maging bahagi ng iyong sambahayan.

Sino ang dapat kong ilista dito? Kapag pupunan ang seksyong ito, isama ang LAHAT ng miyembro sa iyong sambahayan na:

- Mga batang edad 18 o mas mababa AT sinusuportahan ng kita ng sambahayan;
- Na nasa iyong pangangalaga sa ilalim ng isang pormal na foster arrangement sa pamamagitan ng isang hukuman o estado/lokal na ahensya, o kwalipikado bilang walang tirahan, migrante, o tumakas na kabataan;
- Mga estudyante na pumapasok (anuman ang edad)

<p>A) Ilista ang pangalan ng bawat bata. Isulat sa malalaking titik ang pangalan ng bawat bata. Gumamit ng isang linya ng aplikasyon para sa bawat bata. Kapag isusulat sa malalaking titik ang mga pangalan, sumulat ng isang titik sa bawat kahon. Tumigil kung naubusan ka na ng espasyo. Kung mas marami ang bata ang ilalagay kaysa sa mga linya sa aplikasyon, maglakip ng pangalawang piraso ng papel (o pangalawang aplikasyon kung kukumpleto sa elektronikong paraan) kasama ang lahat ng kinakailangang impormasyon para sa mga karagdagang bata. Nalalapat din ito sa mga nasa hustong gulang sa Hakbang 3. Ang "MI" ay maikli para sa gitnang inisyal. Isulat sa malaking titik ang unang titik ng gitnang pangalan ng bawat bata sa kahon.</p>	<p>B) Estudyante ba ang bata? Kung "Oo," isulat ang baitang ng estudyante sa column na "Baitang" sa kanan.</p>	<p>C) Mayroon ka bang anumang <i>Foster Child</i>? Kung <i>Foster Child</i> ang anumang bata na nakalista, markahan ang kahon na "<i>Foster Child</i>" sa tabi ng pangalan ng bata. Kung ikaw ay nag-a-apply LANG para sa mga <i>Foster Child</i>, pagkatapos ng Hakbang 1, pumunta sa Hakbang 4.</p> <p><u>Ang mga <i>Foster Child</i> na nakatira kasama mo ay maaaring ituring na mga miyembro ng iyong sambahayan at dapat na nakalista sa iyong aplikasyon.</u> Kung nag-a-apply ka para sa foster at hindi <i>Foster Child</i>, pumunta sa Hakbang 3. Tandaan: Ang mga inamong bata ay hindi itinuturing na mga <i>Foster Child</i>. Ang isang <i>Foster Child</i> ay isang menor de edad na bata na dinala sa kustodiya ng estado at inilagay sa isang may sapat na gulang na may lisensya ng estado, na nag-aalaga sa bata bilang kapalit ng kanilang magulang o tagapag-alaga.</p>	<p>D) Mayroon bang mga bata na walang tirahan, migrante, o tumakas? Kung naniniwala kang nakakatugon sa paglalarawang ito ang sinumang bata na nakalista sa seksyong ito, markahan ang kahon na "Walang Tahanan, Migrante, Tumakas" sa tabi ng pangalan ng bata at <u>kumpletuhin ang lahat ng hakbang ng aplikasyon</u>. Ang <u>status na Walang Tahanan, Migrante, Tumakas ay dapat kumpirmahin</u> sa naaangkop na tauhan ng programa. Kung hindi makumpirma ng distrito ng paaralan ang iyong status na walang tahanan, migrante, o tumakas na estudyante, makikipag-ugnayan sa iyo ang distrito ng paaralan para kumpletuhin ang isang aplikasyon na batay sa kita. <u>Maaari mong piliing magbigay ng impormasyon sa kita ngayon</u> para mapigilan ang distrito ng paaralan na posibleng kailanganin na makipag-ugnayan sa iyo sa ibang pagkakataon.</p>
---	---	--	--

Hakbang 2: May mga miyembro ba ng sambahayan (kasama ka) na lumalahok sa: SNAP, TANF, o FDPIR?

Kung sinuman sa iyong sambahayan (kabilang ka) ay kasalukuyang lumalahok sa isa o higit pa sa mga programa ng tulong na nakalista sa ibaba, ang iyong mga anak ay kwalipikado para sa mga libreng pagkain sa paaralan:

- Ang Programa ng Karagdagang Tulong sa Nutrisyon (Supplemental Nutrition Assistance Program, SNAP) o
- Pansamantalang Tulong para sa Mga Nangangailangang Pamilya (Temporary Assistance for Needy Families, TANF) o
- Ang Programa ng Distribusyon ng Pagkain sa Mga Indian na Pagpapareserba (Food Distribution Program on Indian Reservations, FDPIR).

A) Kung walang sinuman sa iyong sambahayan ang lumalahok sa alinman sa mga nakalistang programa sa itaas:

- Lagyan ng check ang “Wala” sa **Hakbang 2** at pumunta sa **Hakbang 3**.

B) Kung may sinuman sa iyong sambahayan ang lumalahok sa alinman sa mga nakalistang programa sa itaas:

- Isulat ang numero ng kaso para sa SNAP, TANF, o FDPIR. Kailangan mo lang magbigay ng isang numero ng kaso. Kung lalahok ka sa isa sa mga programang ito at hindi mo alam ang iyong numero ng kaso, makipag-ugnayan sa:
- Pumunta sa **Hakbang 4**.

Hakbang 3: Ilista ang LAHAT ng miyembro ng sambahayan at kita para sa bawat miyembro

Paano ko iiulat ang aking kita?

- Gamitin ang mga listahang pinamagatang “**Mga Pinagkukunan ng Kita**” at “**Mga Halimbawa ng Kita para sa Mga Bata,**” sa likod na bahagi ng form ng aplikasyon para matukoy kung ang iyong sambahayan ay may kita na iiulat.
- Iulat ang lahat ng halaga sa GROSS NA KITA LANG. Iulat ang lahat ng kita sa buong dolyar. Huwag isama ang mga sentimos.
 - Ang gross na kita ay ang kabuuang kita na natanggap **bago ang** mga buwis at mga ibabawas.
 - Maraming tao ang itinuturing ang kita bilang halaga na kanilang “naiuwi” at hindi ang kabuuang, “gross” na halaga. Siguraduhin na ang kita na iyong iniulat sa aplikasyon na ito ay HINDI nabawasan para mabayaran ang mga buwis, mga premium ng insurance, o anumang iba pang halaga na kinuha mula sa iyong suweldo.
- Sumulat ng “0” sa anumang patlang kung saan walang kita na iiulat. Ang anumang patlang ng kita na naiwang walang laman o blangko ay mabibilang din bilang zero. Kung isusulat mo ang “0” o iiwanang blangko ang anumang field, pinapatunayan mo (ginagarantiya mo) na walang kita na iiulat. Kung pinaghihinalaan ng mga lokal na opisyal na ang kita ng iyong sambahayan ay hindi naiulat nang tama, ang iyong aplikasyon ay iimbestigahan.
- Markahan kung gaano kadalas natatanggap ang bawat uri ng kita gamit ang mga check box sa kanan ng bawat patlang.

3.A. Iulat ang kinita ng mga nasa hustong gulang

Sino ang dapat kong ilista dito?

- Kapag pinupunan ang seksyong ito, isama ang LAHAT ng nasa hustong gulang na miyembro sa iyong sambahayan na nakatira kasama mo at ibahagi ang kita at mga gastos, kahit na hindi sila kamag-anak at kahit na hindi sila tumatanggap ng sariling kita.
- **HUWAG isama ang:**
 - Mga taong nakatira kasama mo ngunit hindi sinusuportahan ng kita ng iyong sambahayan AT hindi nag-aambag ng kita sa iyong sambahayan.
 - Mga sanggol, bata at estudyante na nakalista na sa **Hakbang 1**.

Hakbang 3: Ilista ang LAHAT ng miyembro ng sambahayan at kita para sa bawat miyembro

1) Ilista ang mga pangalan ng miyembro ng sambahayan na nasa hustong gulang.

Iulat sa malalaking titik ang pangalan ng bawat miyembro ng sambahayan sa mga kahon na may markang "Mga Pangalan ng Nasa Hustong Gulang na Miyembro ng Sambahayan (Una at Apelyido)." Isama ang mga estudyante sa kolehiyo, maliban kung sila ay idineklara nang hiwalay sa mga buwis (lahat ng estudyante sa kolehiyo ay itinuturing na mga nasa hustong gulang). Huwag isama ang sinumang miyembro ng sambahayan na inilista mo sa **Hakbang 1**.

2) Ilista ang mga kita mula sa trabaho.

Ilista ang lahat ng kita mula sa trabaho sa patlang na "Mga Kita mula sa Trabaho" sa aplikasyon. Ito ang karaniwang perang natatanggap mula sa pagtatrabaho. Kung ikaw ay may sariling negosyo o may-ari ng sakahan, iuulat mo ang iyong net na kita. Ang net na kita ay ang iyong kita pagkatapos na ibawas ang mga buwis at ibabawas.

- **Paano kung marami akong trabaho?** Ilista ang bawat trabaho nang hiwalay sa pamamagitan ng paglalagay ng iyong pangalan at kita mula sa bawat trabaho sa isang bagong linya. Magdagdag ng karagdagang papel kung kinakailangan.
- **Paano kung may sarili akong negosyo?** Ilista ang kita mula sa iyong negosyo bilang isang net na halaga. Ang net na halagang ito ay kinakalkula sa pamamagitan ng pagbawas ng kabuuang gastos sa pagpapatakbo ng iyong negosyo mula sa mga kabuuang resibo nito (kita). Ang kabuuang resibo o kita ay ang lahat ng kinita mula sa pagbebenta ng anumang produkto o serbisyong inaalok.

Kung ang isang bata na nakalista sa **Hakbang 1** ay may kita, sundin ang mga tagubilin sa **Hakbang 3, Bahagi B**.

3) Ilista ang kita mula sa pampublikong tulong/sustento sa bata/sustento.

Ilista ang lahat ng kita na naaangkop sa patlang na "Pampublikong Tulong/Sustento sa Bata/Sustento" sa aplikasyon. Huwag iulat ang halaga ng pera ng anumang benepisyo ng pampublikong tulong na HINDI nakalista sa chart. Kung natanggap ang kita mula sa sustento sa bata o sustento, iulat lang ang mga pagbabayad na iniutos ng korte. Ang mga hindi pormal ngunit regular na pagbabayad ay dapat iulat bilang "iba pang" kita sa susunod na bahagi.

4) Ilista ang kita mula sa mga pensiyon/pagreretiro/lahat ng iba pang kita.

Ilista ang lahat ng kita na naaangkop sa patlang na "Mga Pensiyon/Pagreretiro/Lahat ng Iba Pang Kita" sa aplikasyon.

- **Paano kung nakakatanggap ako ng kita mula sa maraming pinagkukunan sa kategoryang ito?** Ilista ang bawat pinagkukunan nang hiwalay sa pamamagitan ng paglalagay ng iyong pangalan at kita mula sa bawat pinagkukunan sa isang bagong linya. Magdagdag ng karagdagang papel kung kinakailangan.

5) Ilista ang kabuuang laki ng sambahayan.

Ilagay ang kabuuang bilang ng mga miyembro ng sambahayan sa patlang na "Kabuuang Bilang ng Mga Miyembro ng Sambahayan (Mga Bata at Nasa Hustong Gulang)." Ang bilang na ito ay DAPAT na katumbas ng bilang ng mga miyembro ng sambahayan na nakalista sa **Hakbang 1** at **Hakbang 3**. Kung mayroong sinumang miyembro ng iyong sambahayan na hindi mo nailista sa aplikasyon, bumalik at idagdag sila. Napakahalaga na ilista ang lahat ng miyembro ng sambahayan, dahil ang laki ng iyong sambahayan ay nakakaapekto sa iyong pagiging kwalipikado para sa libre at pinababang presyo ng mga pagkain.

6) Ibigay ang huling apat na digit ng iyong Numero ng Social Security.

Dapat ipasok ng isang miyembro ng sambahayan na nasa hustong gulang ang huling apat na digit ng kanilang Numero ng Social Security sa ibinigay na espasyo. Kwalipikado kang mag-apply para sa mga benepisyo kahit na wala kang Numero ng Social Security. Kung walang nasa hustong gulang na miyembro ng sambahayan ang may Numero ng Social Security, iwanang blangko ang puwang na ito at markahan ang kahon sa kanan na may label na "Tingnan kung walang Numero ng Social Security."

3.B Ilista ang kinikita ng mga bata

Ilista ang lahat ng kinikita o natatanggap ng mga bata.

Ilista ang pinagsamang kabuuang kita para sa **LAHAT** ng bata na nakalista sa **Hakbang 1** sa iyong sambahayan sa kahon na may markang "Kita ng Bata." Bilangin lang ang kita ng mga *Foster Child* kung ikaw ay nag-a-apply para sa kanila kasama ng iba pang miyembro ng iyong sambahayan.

- **Ano ang Kita ng Bata?** Ang kita ng bata ay ang perang natatanggap mula sa labas ng iyong sambahayan na DIREKTANG binabayaran sa iyong mga anak. Maraming sambahayan ang walang kita ng bata.

Hakbang 4: Impormasyon sa pakikipag-ugnayan at lagda ng nasa hustong gulang.

Ang lahat ng aplikasyon ay dapat lagdaan ng isang nasa hustong gulang na miyembro ng sambahayan. Sa pamamagitan ng paglagda sa aplikasyon, ang miyembro ng sambahayan ay nangangako na ang lahat ng impormasyon ay totoo at ganap na naiulat. Bago sagutan ang seksyong ito, pakitiyak din na nabasa mo ang mga pahayag sa likod ng aplikasyon.

A) Ibigay ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan. Isulat ang iyong kasalukuyang papadalhang address sa mga inilaang patlang, kung available ang impormasyong ito. Kung wala kang permanenteng address, okay lang. Ang pagbabahagi ng numero ng telepono, email address, o pareho ay opsyonal, ngunit nakakatulong sa amin na makaugnayan ka nang mabilis kung kailangan naming makipag-ugnayan sa iyo.

B) Isulat sa malalaking titik at lagdaan ang iyong pangalan at isulat ang petsa ngayong araw. Isulat sa malalaking titik ang pangalan ng nasa hustong gulang na lumagda sa aplikasyon at ang taong iyon ay lumalagda sa kahon na "Lagda ng nasa hustong gulang."

C) Ipadala ang nakumpletong aplikasyon sa:

Opsyonal

Ibahagi ang mga kinikilalang lahi at etnisidad ng mga bata (opsyonal). Sa likod ng aplikasyon, hinihiling namin sa iyo na magbahagi ng impormasyon tungkol sa lahi at etnisidad ng iyong mga anak. Ang patlang na ito ay opsyonal at hindi makakaapekto sa pagiging kwalipikado ng iyong mga anak para sa libre o pinababang presyo ng mga pagkain ng paaralan. Ang impormasyong ito ay hinihiling lang para sa layunin ng pagtukoy sa pagsunod ng Estado sa mga Pederal na batas sa karapatang sibil, at ang iyong tugon ay hindi makakaapekto sa pagsasaalang-alang sa iyong aplikasyon, at maaaring protektado ng Privacy Act. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyong ito, tutulungan mo kami sa pagtiyak na ang programang ito ay pinangangasiwaan sa paraang walang diskriminasyon.

Pakibalik ang aplikasyon nang direkta sa PAARALAN ng iyong anak. HUWAG ipadala, i-fax, o i-email ang mga nakumpletong aplikasyon o mga tanong tungkol sa mga aplikasyon sa Office of the Assistant Secretary for Civil Rights ng Departamento ng Agrikultura ng Estados Unidos (U.S. Department of Agriculture, USDA) kung hindi ay maaantala ang pagiging kwalipikado ng iyong anak para sa libre o pinababang presyo ng mga pagkain.